Pagkuha ng iyong bakuna laban sa COVID-19: **Ano ang maaasahan**

Ang mga bakuna ay isa sa mga paraan upang malabanan natin ang pandemyang COVID-19 at maprotektahan ang kapakanan at kagalingan ng ating mga komunidad.

Proteksyon

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay libre at makukuha ng lahat sa New Zealand.

Pinoprotektahan ng mga bakuna ang iyong kalusugan at humahadlang sa mga karamdaman sa pamamagitan ng pagpapatatag sa naturalesa ng iyong katawan upang ikaw ay maging handang lumaban sa virus, kung ikaw ay malantad dito.

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay gumagana sa pamamagitan ng pag-udyok sa iyong immune system (naturalesa) na lumikha ng antibodies at mga selula ng dugo na kikilos laban sa virus ng COVID-19.

Ang pagkuha ng bakuna laban sa COVID-19 ay isang mahalagang hakbang na iyong magagawa upang protektahan ang iyong sarili laban sa mga epekto ng virus.

Sa sandaling mabakunahan ka, ipagpatuloy ang mga pag-iingat upang mahadlangan ang pagkalat ng COVID-19. Hugasang mabuti at patuyuin ang iyong mga kamay. Umubo o bumahing sa singit ng iyong siko at manatili sa bahay kung masama ang iyong pakiramdam. Ito ay tutulong sa pagprotekta sa iyo, sa iyong whānau at iba pa.

Patuloy na gamitin ang COVID tracer app, i-on ang Bluetooth function sa iyong telepono, at maaaring naisin mong magsuot ng panakip sa mukha o mask.

Kaligtasan

Ang Medsafe ay magbibigay lamang ng pagsang-ayon na gamitin ang bakuna sa New Zealand kung sila ay kumbinsado na ito ay ligtas at sapat na mabisa upang gamitin. Lahat ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay dadaan sa kaparehong pagsusuring pangkaligtasan at dapat tumugon sa kaparehong mahihigpit na mga pamantayan.

Bakunang Pfizer

Ang bakunang ito ay hindi magbibigay sa iyo ng COVID-19. Kakailanganin mo ng dalawang dosis, tatlong linggo man lamang ang pagitan. Upang matiyak na mabibigyan ka ng pinakamagaling na proteksyon, tiyaking makukuha mo ang dalawang dosis ng bakuna.

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, magpa-iskedyul sa lalong madaling panahon.

Mga bagay na isasaalang-alang bago ka magpabakuna

Kung ikaw ay nagkaroon ng malubha o kagyat na allergic reaction sa anumang bakuna o iniksyon dati, mangyaring talakayin ito sa iyong tagapagbakuna.

Kung ikaw ay may iniinom na mga gamot na nagpapalabnaw ng dugo, o may sakit na pagdurugo, mangyaring ipaalam ito sa iyong tagapagbakuna.

New Zealand Government

Unite against COVID-19

MINISTRY OF HEALTH
MANATŪ HAUORA

Kung ikaw ay buntis, mangyaring kausapin mo ang iyong tagapagbakuna, GP, o komadrona.

Sa kasalukuyan, hindi namin iniaalok ang bakunang Pfizer sa mga wala pang 16 na taong gulang.

Kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19, magpasuri at manatili sa bahay hanggang sa matanggap mo ang iyong mga resulta. Maaari kang mabakunahan sa sandaling magkaroon ka ng negatibong pagsusuri.

Ano ang mangyayari matapos akong mabakunahan?

Kailangan mong maghintay ng 20 minuto man lamang matapos kang mabakunahan upang matingnan ng mga kawaning-medikal na wala kang malubhang allergic reaction.

Maaaring kailanganing obserbahan ka pa nang mas matagal kung ikaw ay nagkaroon dati ng malubhang reaksyon sa mga bakuna o iba pang produkto, o mahaba ang iyong gagawing pagbiyahe matapos kang mabakunahan.

Mga maaaring side effect

Katulad ng lahat ng mga gamot, ang bakuna ay maaaring magdulot ng mga side effect sa ilang mga tao. Karaniwan ang mga ito, kadalasan ay banayad lang at hindi nagtatagal at hindi pipigil sa iyo upang kumuha ng ikalawang dosis o magpatuloy ng iyong pang-araw-araw na buhay.

Ang pinakakaraniwang iniulat na mga reaksyon ay pananakit sa bandang ininiksyunan, pananakit ng ulo, at nararamdamang pagkapagod o pagkahapo.

Ang pananakit ng kalamnan, masamang pakiramdam, pangingiki, lagnat, pananakit ng kasukasuan, at pagkaliyo ay maaari ring mangyari. Ipinapakita nito na gumagana ang bakuna. Ang mga ito ay mas karaniwang inuulat matapos ang ikalawang dosis.

Ang ilang mga side effect ay maaaring pansamantalang makaapekto sa kakayahan mong magmaneho o gumamit ng makinarya.

May mga nangyayaring malubhang allergic reaction ngunit ang mga ito ay napakadalang. Ang aming mga tagapagbakuna ay sinanay upang pamahalaan ang mga ito.

Karagdagang suporta at impormasyon

Kung ikaw ay dumaranas ng mga sintomas na maaaring kaugnay sa COVID-19, gaya ng panibagong sunud-sunod na pag-ubo, mataas na temperatura/lagnat o kawalan o pagbabago sa iyong karaniwang panlasa o pang-amoy, manatili sa bahay at magpasuri para sa COVID-19.

Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong mga sintomas o kung lumalala ang mga ito, tawagan mo ang Healthline sa **0800 358 5453**.

Kung ikaw ay kagyat na nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan, tumawag sa **111**, at tiyaking sasabihin mo sa kanila kung ikaw ay nabakunahan na laban sa COVID-19 upang matasa ka nila nang mabuti.

Mahalaga ang pagkuha ng tamang impormasyon.

Magkaroon ng kamalayan sa mga hindi tamang impormasyon sa social media at iba pang lugar.

Makakukuha ka ng tama at mapagtitiwalaang impormasyon sa:

covid19.govt.nz/vaccine
health.govt.nz/covid-vaccine

o tawagan ang Healthline sa **0800 358 5453**.

New Zealand Government

Unite against COVID-19

MINISTRY OF HEALTH
MANATŪ HAUORA